# Printing and Finishing Guide

This file is for making lesson booklets that are bound with either spiral or comb binding. We prefer the spiral binding if the equipment is available. The content of the booklet is the same as in the stapled booklets, but this format is

* Easier to make
* Better for use during presentations (because the pages don't turn by themselves)
* Typically more expensive
* Typically this results in a thicker (less portable) booklet
* Better picture quality.

**Materials:**

Select paper that is not easily torn and that produces the nicest quality pictures on your printer. When printing on our Cannon inkjet printer with the standard ink, we prefer to use the Office Depot brand Premium High Gloss Photo Paper (Item # 652-001), because we like the image quality and the the resulting product is essentially water resistant.


For the front and back covers, we cut standard clear plastic presentation cover sheets to be the same size as the booklet.

**Printing:**

1. Print on only one side of the pages by using Adobe Acrobat Reader's settings:
   Both Odd and Even Pages
   Auto-Center
   Pages 1-end
   If printing on European A4 paper size, depending on which printer model you are using, it might be necessary to choose the option to reduce oversized pages to fit.

**Finishing:**

1. Place this page on top of the rest of the printed pages and enough clear cover pages to make front and back covers for each booklet.
2. Cut on the solid lines to make pages that are about 9.95cm wide and 13.35cm tall. You can reduce the number of cuts by stacking partly cut pages for the remaining cuts, but careful planning is required.
3. Arrange the pages into their final order. Page numbers are on the bottom center of each page following the cover page.
4. Punch holes for binding along the top edge of the pages and covers.
5. Bind the pages to form the booklets.




Ang gawaing ito ay may lisensya sa “Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivs License.” Dito makita ang kopya ng lisensya, http://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/2.0/ o mag padala ng sulat sa Creative Commons, 559 Nathan Abbott Way, Stanford, California 94305, USA. Ang dagdag na gamit ay maibigay kung may nakasulat na pahintulot galing sa may-ari ng copyright.

Handang Kasagutan

Unit A


# Karaniwang Kasagutan

Bill and Shelley Houser

Ang mga *Bible Quotations* sa librong ito ay kinuha sa Dating Biblia (1905). Ang maga naiwang sulat ay gawa at copyrighted nina Bill at Shelley Houser at sinalin sa wikang Pilipino ni Gilda Cartagena.

Copyright © June 19, 2005
Ready Answers, William and Rochelle Houser, P.O Box 535, Newburgh, IN 47629, United States of America,
Phone: (011) 812-858-9241.





Paano ninyo malaman na iniingatan kayo ng Diyos? [1]

Sapagka't siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo, upang ingatan ka sa lahat ng iyong mga lakad. Awit 91 : 11





Kung ang inyong mga magulang ay mawalan ng trabaho, magkaroon ba kayo ng sapat na pagkain?

At pupunan ng aking Dios ang bawa't kailangan ninyo ayon sa kaniyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Cristo Jesus. Filipos 4 : 19



Kung tinatakot at sinasaktan kayo nakikita ba ito ng Diyos at nag-alaala ba siya? [1]

Huwag mong sabihin, ako'y gaganti ng kasamaan: maghintay ka sa Panginoon, at kaniyang ililigtas ka.
Kawikaan 20 : 22





Pag pinatawad ka nang Diyos,[2] naalaala ba niya ang iyong mga kasalanan?

Ako, ako nga ay siyang pumapawi ng iyong mga pagsalangsang alang-alang sa akin; at hindi ko aalalahanin ang iyong mga kasalanan.
Isaias 43 : 25





Ano ang kailangan mo para makaligtas? [3]

Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka:
Roma 10 : 9





Ano ang araw na binasbasan ng Diyos?

At binasbasan ng Dios ang ikapitong araw at kaniyang ipinangilin, sapagka't siyang ipinagpahinga ng Dios sa madlang gawang kaniyang nilikha at ginawa.
Genesis 2 : 3



Ang Sabado ba ay importante at dapat alalahanin? [4]

Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin.
Exodo 20 : 8





Ang Sabado ba ay importante pa rin kahit namatay na si Jesus at nabuhay ulit? [4,5,6,7,8]

At magsipanalangin kayo na huwag mangyari ang pagtakas ninyo sa panahong taginaw, o sa sabbath man:
Mateo 24 : 20





Si Jesus ba ay binuhay ulit sa Sabado? [5]

At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena, at si Mariang ina ni Santiago, at si Salome, ay nagsibili ng mga pabango, upang sila'y magsiparoon at siya'y pahiran. At pagkaumagang-umaga nang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon sila sa libingan nang sikat na ang araw.
Marcos 16 : 1–2





Sa pagbalik ni Jesus ano ang mangyari sa kumakain ng baboy? [9]

Silang nangagpapakabanal, at nangagpapakalinis na nagsisiparoon sa mga halamanan, sa likuran ng isa sa gitna, na nagsisikain ng laman ng baboy, at ng kasuklamsuklam, at ng daga; sila'y darating sa isang wakas na magkakasama, sabi ng Panginoon. Isaias 66 : 17



Pag namatay na ang tao pumupunta ba sila sa langit at pinupuri ang Diyos? [10]

Ang patay ay hindi pumupuri sa Panginoon, ni sinomang nabababa sa katahimikan; Awit 115 : 17





Ang lahat bang namamatay ay muling bubuhayin? [10]

Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig, At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol. Juan 5 : 28–29





Ano ang mangyari pagbalik ni Jesus? [10,11]

Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man.
1 Tesalonica 4 : 16–17



## Ang Pinagmulan Ng Mga Larawan

p. 2 Daniel 6 : 1–28

p. 3 1 Hari 17 : 1–6

p. 4 1 Samuel 18 : 11 and 2 Samuel 5 : 1–3

p. 5 Hebreo 4 : 14

p. 6 Juan 20 : 11–18

p. 7 NASA larawan AS17-148-22727 ang ginamit sa ikatatlong araw at NASA larawan GPN-2000-000902 ng mga bituin sa Butterfly nebula ang ginamit sa ikaapat na araw. Genesis 1; Juan 1 : 3, 15; Hebreo 1 : 2; and Efeso 3 : 9

p. 9 Mateo 24 : 3–31, Marcos 13 : 1–37, and Lucas 21 : 5–38

p. 10 Marcos 16

Ang mga numero sa pahina ay nakalista upang Tulumgan kayo sa paghanap kung saan matagpuan ang mga huling notas.

[1] Ang Diyos ay nagbibigay sa bawat isa ng kakayahan sa pagpili ng kanya-kanyang kagustuhan, pero may nga tao na pumipili ng masama at sinasaktan ang iba. Samantala sa mga sumusunod naman sa Diyos ang mga bagay na kung titingnan ay masama ay lumalabas na biyaya sa bandang huli. Genesis 37 : 28 at Genesis 50 : 20; Job 1 : 8–12, Job 2 : 3–6 at Job 42 : 10, 12; Roma 8 : 28; Apocalipsis 21 : 4 at Apocalipsis 22 : 2, 14. (p. 2, 4)

[2] May maraming konsiderasyong binabasihan ang Diyos sa kanyang pagpatawad. Ang bersekulong ito ang makapaliwanag:

| | |
|---|---|
| Ex. 33 : 19 | Patawarin ng Diyos kong sino ang gusto niya. |
| Ex. 34 : 5–7 | Hindi lilinisin ng Diyos ang may masamang konsensiya. |
| Ez. 18 : 30 | Humingi ng tawad at tigilan ang pagkasala. |
| Mat. 6 : 14–15 | Magpatawad ka upang ikaw ay patawarin din. |





| | |
|---|---|
| Mat. 7 : 1–2 | Husgahan ka ng Diyos tulad sa paghusga mo sa iba. |

(p. 5)

[3] Kung kinumpesal mo na si Jesus ay Diyos, sinasabi mo na rin na tuparin mo ang kanyang inu-utos bilang Diyos at Panginoon. (p. 6)

[4] Ang bibliya ay walang sinasabi na pinalitan ni Jesus o ng kanyang mga disipolo kung ano ang banal na araw (Sabado).

| | |
|---|---|
| Ex. 20 : 8–11 | Ang ikapitong araw ay Sabado. |
| Mar. 6 : 2 | Si Jesus ay nagturo sa senagoga sa araw ng Sabado. |
| Mat. 24 : 20 | Inaasahan ni Jesus na ang sumusunod sa kanya ay galangin ang araw na Sabado kahit matagal na siyang sumalangit. |
| Gawa 15 : 21 | Umasa ang mga disipolo na ang mga Hentil ay pupunta sa senagoga tuwing Sabado para mag-aral ng Bibliya. |
| Gawa 18 : 4 | Parehong tinuruan ni Paul ang Hudyo at Greko tuwing Sabado sa senagoga. |





| | |
|---|---|
| Gawa 28:17–18 | si Paul ay hindi naging suwail sa batas na sibil at batas ng relihiyon. |

Ang Diyos ay umaasa na tuloy-tuloy nating igalang ang araw na Sabado. Ang mga unang Kristiyano ay nagkita araw araw (Gawa 2 : 46) pati sa araw ng Linggo pero walang utos sa Bibliya na ihinto na ang paggalang sa araw na Sabado o ikapitong araw. (p. 8, 9)

[5] Binago na ba ang pitong araw kada linggo mula sa panahon ni Jesus? Pinundar ni Julius Caesar ang kalendar-yong Julian na ginamit noong taong apat naput-anim bago si Jesus (46 BC). Kasama nito ang pitong araw kada linggo na ino-obserba ng panahon ni Jesus. Si Papa Gregorio XIII ay nag-umpisa ng bagong kalendaryo na tinawag na “Gregorian Calendar”. Ito ang kalendaryong ginagamit ng karamihan. Ang mga artikulo sa Encyclopedia na nagsasabi tungkol sa pagbabagong ito noong Huebes, ika-apat ng Oktubre 1582 ng Julian Calendar ay sinundan ng Biernes, ikalabing lima ng Oktubre, 1582 ng Gregorian Calendar. Ito ay nagpatibay ng pitong araw kada linggo. (p. 9, 10)

[6] **Ano ang ibig sabihin ng Colosas 2 : 13–17?**
13–15: Pinatawad na tayo ng Diyos at naipako na sa krus ang sentinsiya ng kamatayan na sinulat laban





sa atin at nabura na ang kontrata na ginawa natin sa Diyablo. Binura niya ang mga utos (2 : 20–22), at ordinansiya ng tao Moses (3 : 5).
16–17: Huwag kang magpahusga kahit kanino man kung paano mo pinakabanal ang araw na Sabado. (p. 9)

[7] **Ano ang ibig sabihin ng Roma 14 : 5 ?** Sa buong kasaysayan ang Hudyo at Kristiyano ay gumawa ng mga bagong kautusan para gawaing banal ang ibang araw at kumain o hindi kumain ng mga piling pagkain o ilang mga gawain upang ipakita ang tunay na pagiging banal. Ang kasulatang ito ay hindi upang husgahan ang iba sa kanilang paggiging Kristiyano. Dahil lahat ay haharap upang husgahan ng Diyos, lahat tayo ay dapat maniwala na ang ginagawa natin ay kagustuhan ng Diyos. (p. 9)

[8] Ang pinakaunang kasaysayan na nakasulat sa libro na ginagamit ng karamihan sa pagsuporta na ang banal na araw ay Linggo ay nakalista sa masunod. Pero ito ay mga tradisyon ng tao at **hindi inutos** ng Diyos. Ang mga documentong ito ay makita sa ibat-ibang wika sa http://www.earlychristianwritings.com.

**Didache,** *Chapter 14. Ang petsa ay pinagtalunang*

*nasa 50 AD-Ad 400.* Itong documento ay hindi nagutos na ang Linggo ay araw ng pagpahinga.

**Ignatius to the Magnesians,** *Chapter 9. Petsa AD 105-115.* Ang sulat na ito ay nagsasabi na ang mga Kristiyanos ay tumigil sa pagpakabanal ng mahal na araw na Sabado. Sa halip namuhay sila sa pag obserba ng araw na Linggo. Ito ay isang tradisyon at hindi utos. Ang tradisyon ay hindi galing sa utos ni Jesus.

**Epistle ni Barnabas,** *Chapter 15. Petsa AD 50-120.*Ang mga sulat na ito ay nakuka sa mali na pag interpreta ng Lumang Testamento at sinabi na mahirap matupad ang pagpakabanal ng araw na Sabado hanggang mabago ang lahat sa sanlibutan. Sinabi niya na ito ang dahilan kung bakit nagsasaya sila sa araw nag Linggo. Sa muli hindi niya sinasabi na nangga-ling ang mga ito sa utos ni Jesus pero pinaglinaw na ito ang tradisyon noong panahon. (p. 9)

9 Ang mga pagkain na hindi dapat kainin ay nakalista sa Levitico 11 at Deuteronomio 14. (p. 11)

10 Si Job ay mabuting tao (Job 1 : 1) at gusto niyang ilagay siya ng Diyos sa impierno (Job 14 : 13)– hayaan ninyo at magpaliwanag ako. Sa bersekulo na ito sa Bibliyang Hebrew ang ginamit na salita





ay *sheol* (שְׁאוֹל Strong's number 7585), at ang lumang Grekong Bibliya, ang Septuagint, ang ginamit na salita ay *hades* (Strong's number *86*). Itong Grekong Bibliya ay ginamit ang *hades* na parating katumbas na *sheol* (tingnan sa nakasulut sa pahina 694, שְׁאוֹל, ng *The Analytical Hebrew and Chaldee Lexicon* by Benjamin Davidson, ISBN 0-913573-03-5). Sa ganitong pagkaintinde na ang salitang *hell* at *hades* ay magkapareho (tingnan ang mga salitang *sheol* at *hades* sa *Merriam Webster's Collegiate Dictionary, Tenth Edition*), magulat ka kung bakit alam ni Job na ito ay isang lugar para pahingaan at lugar ng kapayapaan. Ang Bibliya ay nagtuturo na ang lahat ay pupunta doon, mayaman o mahirap, mabuti o makasalanan (Awit 89 : 47–48, Gen. 37 : 35, Job 3 : 10–22); at ang mga nandoon na ay hindi alam kung ano ang nangyayari sa kanilang mga anak (Job 14 : 21), hindi makapag-ugnay sa mga buhay pa at hindi rin makapag-isip (Ec. 9 : 5–6, 10; Job 7 : 9–10). Si David (Gawa 2 : 29,34), si Job (Job 19 : 23–27), at Daniel (Dan. 12 : 13) ay kasalukuyang nagpapahinga hanggang sila ay dalhin sa langit. Sa pagdating ng araw na ito ang kalangitan ay mawala na, ang pinakahuling tunog ng trumpeta ay marinig at si Jesus ay tatawag (Job 14 : 12, 1 Cor. 15 : 51–54, Juan 5 : 28–





29). Sa oras na ito inaasahan ni Job na gisingin siya ng Diyos na may bagong katawan. (Job 19 : 23–27). (p. 12, 13, 14)

11 Tinuro ni Jesus sa kanyang mga disipolo na ituring ang kamatayan na pagtulog lamang (Mateo 9 : 24, Marcos 5 : 39, Lucas 8 : 52) at ito ay magkatugma sa maraming nakasulat sa Lumang Testamento. (tingnan ang *nakatulog* sa concordana: karamihan na nakasulat dito ay tungkol sa kamatayan.) Ang mga disipolo ni Jesus ay hindi sanay na tawagin ang kamatayan na pagtulog o sana na intindihan nila kung ano ang ibig sabihin ni Jesus ang mamatay si Lazarus(Juan 11 : 11–13). Sa pagtupad sa mga utos ni Jesus ang Bagong Testamento ay patuloy sa pag-gamit ng salitang Greko na ang ibig sabihin ay pagtulog kung kamatayan ang pinag-usapan. (Mateo 27 : 52; Gawa 7 : 60; Gawa 13 : 36; 1 Cor. 11 : 30; 1 Cor. 15 : 6, 18, 20, 51; Ef. 5 : 14; 1 Tes. 4 : 13–17; 2 Ped. 3 : 4). Siguro tinuro ni Jesus na ang kamatayan ay pagtulog lamang upang mawala ang paganong ideya tungkol sa kamatayan at impierno na masyadong nakikita noong araw sa kultura at pamahiin ng mga Greko. (p. 14)